INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# WIKANG FILIPINO, WIKANG MAHARLIKA

**ni: LOUIE C. PAGADOR**

Ang wikang Filipino, wikang pinagmulan ng salinlahi
Isinilang sa silanganin at mula sa maharlikang lahi
Binigkis ang mga Pilipino mula Batanes hanggang Jolo
At saanmang dako naroroon ang isang Pilipino.

Pinagdaanan ng wikang Filipino'y kailaman di mawari
Sinubok ng tadhana at kung anu-ano pang pangyayari.
Ngunit hindi nagpatinag, hindi kailanma'y nagpaapi
Sapagkat dugong maharlika'y siyang nagpangyari.

Ang wikang Filipino ay sinalambit at namutawi
Mula sa bibig nina Rizal, Bonifacio, Quezon, at mga bayani
Anumang tribo, katutubo, at mga iba't-ibang grupo
Kinilala, ipinagmalaki, at ipinagbunyi ang wikang Filipino.

Noon, ngayon, at magpahanggang sa dulo ng panahon
Wikang Filipino ay kailanma'y yayabong at aahon
Anumang pagsubok, pagyurak, o di kaya ay pakikibaka.
Ang wikang Filipino ay iinog sa panahong walang takda.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza